

Days Never to Be Forgotten

By Elder Gary E. Stevenson
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Mga Araw na Hindi Malilimutan Kailanman

Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

October 2024 general conference

Upcoming moments will provide members of the Church everywhere with increased opportunities to share the glad tidings of the gospel of Jesus Christ.

Ang mga darating na sandaling ito ay magbibigay sa mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako ng mas maraming oportunidad na ibahagi ang masayang balita ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Introduction

My dear brothers and sisters, the history of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in this dispensation is resplendent with divine experiences that demonstrate how the Lord has guided His Church. There is one decade in our history, however, that stands strikingly supreme above any other—the decade from 1820 to 1830. Beginning with the Prophet Joseph Smith’s experience in the Sacred Grove in the spring of 1820, when he saw God the Father and His Son, Jesus Christ, and continuing until April 6, 1830, that decade is unlike any other.

Consider these remarkable events! The young prophet conversed with the angel Moroni, translated the gold plates, and published the Book of Mormon! He was the instrument through whom the Aaronic and Melchizedek Priesthoods were restored, and then he organized the Church! Oliver Cowdery described that era well: “These were days never to be forgotten.” Miraculous events have continued to this very day.

May I be so bold as to suggest that this year we have commenced a decade that may prove to be as momentous as any that has followed that unparalleled founding decade almost two centu-

Pambungad

Mahal kong mga kapatid, ang kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa dispensasyong ito ay nagniningning sa mga banal na karanasan na nagpapakita kung paano ginabayan ng Panginoon ang Kanyang Simbahan. Gayunman, may isang dekada sa ating kasaysayan na kapansin-pansing namumukod-tangi sa lahat—ang dekada mula 1820 hanggang 1830. Simula sa naging karanasan ni Propetang Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan noong tagsibol ng 1820, nang makita niya ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, at nagpatuloy hanggang Abril 6, 1830, ang dekadang iyon ay walang katulad.

Isipin ang mga pambihirang kaganapang ito! Nakipag-usap ang batang propeta kay anghel Moroni, isinalin ang mga laminang ginto, at inilathala ang Aklat ni Mormon! Siya ang naging kasangkapan sa pagpapanumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood, at pagkatapos ay inorganisa niya ang Simbahan! Mahusay na inilarawan ni Oliver Cowdery ang panahong iyon: “Ang mga araw na ito ay hindi maaaring malimutan [kailanman].” Patuloy hanggang sa araw na ito ang mga kaganapang puno ng himala.

Tahasan kong sinasabi na sinimulan na natin ngayong taon ang isang dekada na maaaring kasinghalaga ng mga pangyayari sa dekada ng walang-katulad na pagtatatag na iyon halos dala-

ries ago.

Our Decade

Let me explain. Between now, 2024, and 2034, we will experience seminal events that will result in extraordinary opportunities to serve, to unite with members and friends, and to introduce The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints to more people than ever before.

We just witnessed the power of a truly historic moment as we celebrated with tens of millions the 100th birthday of President Russell M. Nelson.

Reporting on President Nelson's birthday, *Newsweek* wrote a headline that read, "World's Oldest Religious Leader Turns 100." They then listed the world's 10 oldest faith leaders—with President Nelson first on a list that included Pope Francis and the Dalai Lama.

This statement from a *New York Times* article represents the spirit of much of the international coverage: "In a [United States] presidential election cycle that has prompted soul-searching about aging and leadership, Mr. Nelson's milestone suggests that, at least in his church, a triple-digit birthday does not merit much hand-wringing. He remains a popular figure among church members, who view their president not just as an executive but as a 'prophet, seer, and revelator.'"

How grateful we are that President Nelson's landmark birthday gave us an opportunity to introduce a global audience to a prophet of God, a celebration never to be forgotten.

Earlier this spring, a refurbished plaza on Temple Square—featuring a display of international flags representing countries where the Church is recognized—was unveiled. The plaza entrance is marked by a granite monument with these prophetic words: "And it shall come to pass in the last days, that the mountain of the Lord's house shall be established in the top of the

wang siglo na ang nakararaan.

Ang Dekada Natin

Hayaan ninyong magpaliwanag ako. Sa pagitan ng ngayon, 2024, at ng 2034, daranas tayo ng mahahalagang kaganapan na magresulta sa mga pambihirang pagkakataong maglingkod, makiisa sa mga miyembro at kaibigan, at ipakilala ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mas maraming tao kaysa noon.

Nasaksihan pa lamang natin ang kapangyarihan ng isang tunay na makasaysayang sandali nang ipagdiwang natin na kasama ng milyun-milyong tao ang ika-100 kaarawan ni Pangulong Russell M. Nelson.

Sa pag-uulat sa kaarawan ni Pangulong Nelson, mababasa sa *Newsweek* ang headline nitong, "World's Oldest Religious Leader Turns 100." Pagkatapos ay inilista nila ang 10 pinakamatatandang pinuno ng relihiyon sa mundo—na si Pangulong Nelson ang nangunguna sa isang listahang kinabibilangan ni Pope Francis at ng Dalai Lama.

Ang pahayag na ito mula sa isang artikulo ng *New York Times* ay kumakatawan sa saloobin ng karamihan sa usaping pandaigdigang: "Sa isang presidential election cycle sa [Estados Unidos] na naghikayat ng malalim na pagmumuni-munitungkol sa pagtanda at pamumuno, iminumungkahi ng mahalagang araw na ito ni Mr. Nelson na, kahit sa kanyang simbahan man lang, ang tatlong-digit na kaarawan ay hindi nararapat alalahaning masyado. Nananatili siyang isang tanyag na tao sa mga miyembro ng simbahan, na ang tingin sa kanilang pangulo ay hindi lamang isang tagapamahala kundi isa ring 'propeta, tagakita, at tagapaghayag.'"

Kaylaki ng pasasalamat natin na ang natatanging kaarawan ni Pangulong Nelson ay nagbigay sa atin ng oportunidad na ipakilala ang isang propeta ng Diyos sa lahat ng tao sa daigdig, sa isang pagdiriwang na hindi malilimutan kailanman.

Sa simula ng tagsibol na ito, isang inayos na liwasan sa Temple Square—na nagtatampok sa internasyonal na mga bandila na kumakatawan sa mga bansang kumikilala sa Simbahan—ang inilantad sa publiko. Isang monumentong granite ang nasa pasukan ng liwasan kung saan nakasulat ang propesiyang ito: "At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Pang-i-

mountains, and shall be exalted above the hills; and all nations shall flow unto it.”

Surely, the monumental events that will occur during the next 10 years constitute one manifestation this prophecy of Isaiah is being fulfilled.

Contemplate the unprecedented number of temple open houses and dedications that are planned to take place over the next decade, even the potential of 164 temples and counting. Imagine tens of millions of you and your friends walking through a house of the Lord. The symbolic center of these events will be the rededication of the Salt Lake Temple and the activities associated with it. These certainly will be days never to be forgotten.

The year 2030 will bring opportunities worldwide to commemorate the bicentennial of the organization of the Church. Although it is too early to say how the Church will recognize this milestone, it will certainly allow us to invite family, friends, colleagues, and distinguished guests to “come and see” and to better understand the powerful impact the Church has in the lives of Church members.

In 2034, thousands of dignitaries, visitors, and athletes from around the world will flood the streets of Salt Lake City, the stage for the Winter Olympic Games. There is perhaps no greater demonstration of worldwide unity than that embodied in the Olympic Games. The eyes of the world will be upon the Church and its members, affording a multitude of opportunities to volunteer, serve, and share glad tidings through kind deeds—an event never to be forgotten.

These upcoming moments will provide members of the Church everywhere with increased opportunities to share the glad tidings of the gospel of Jesus Christ through word and deed, a decade never to be forgotten.

Glad Tidings

In a meeting just weeks before his birthday, President Nelson shared the reason he cherishes the phrase “glad tidings.” On the face of it, he

noon ay matatatag bilang pinakamataas sa mga bundok, at itataas sa ibabaw ng mga burol; at lahat ng bansa ay pupunta roon.”

Tiyak, ang mahahalagang pangyayaring magaganap sa susunod na 10 taon ay binubuo ng isang pagpapakita ng katuparan ng propesiyang ito ni Isaias.

Isipin ang malaking bilang ng mga open house at paglalaan ng templo na nakaplanong idaos sa susunod na dekada, maging ang potensyal na 164 na mga templo at madaragdagan pa. Isipin ang milyun-milyon sa inyo at inyong mga kaibigan na naglalakad sa loob ng templo. Ang simbolikong sentro ng mga kaganapang ito ay ang muling paglalaan ng Salt Lake Temple at ang mga aktibidad na kaugnay nito. Tiyak na ito ay mga araw na hindi malilimutan kailanman.

Ang taong 2030 ay maghahatid ng mga oportunidad sa buong mundo na gunitain ang ikadalawang daang taon ng pagkakatatag ng Simbahan. Bagama’t napakaaga pa para sabihin kung paano kikilalanin ng Simbahan ang mahalagang kaganapang ito, tiyak na tutulutan tayo nitong mag-anyaya ng mga kapamilya, kaibigan, kasamahan, at panauhing-pandangal na “pumarito at tingnan” at mas unawain ang malaking epekto ng Simbahan sa buhay ng mga miyembro ng Simbahan.

Sa 2034, libu-libong dignitaryo, bisita, at atleta mula sa iba’t ibang panig ng mundo ang pupuno sa mga lansangan ng Salt Lake City, ang entablado para sa Winter Olympic Games. Marahil ay wala nang hihigit pang pagpapamalas ng pandaigdigang pagkakaisa kaysa roon sa nakapaloob sa Olympic Games. Matutuon ang mga mata ng mundo sa Simbahan at sa mga miyembro nito, na magbibigay ng maraming pagkakataong magboluntaryo, maglingkod, at magbahagi ng masayang balita sa pamamagitan ng mabubuting gawa—isang kaganapang hindi malilimutan kailanman.

Ang parating na mga sandaling ito ay magbibigay sa mga miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako ng mas maraming oportunidad na ibahagi ang masayang balita ng ebanghelyo ni Jesucristo sa salita at gawa, isang dekadang hindi malilimutan kailanman.

Masayang Balita

Sa isang miting ilang linggo lang bago sumapit ang kanyang kaarawan, ibinahagi ni Pangu-long Nelson kung bakit niya pinahalalagahan

noted, the phrase rings of joy and happiness. But “glad tidings” conveys much more than that. He explained that this phrase comes from the original Greek word *euangelion*, which literally means the “good news” or the “gospel.” Happiness and joy in this life and the next are always linked with the gospel of Jesus Christ. Thus the phrase “glad tidings” captures this double meaning in a wonderful way.

“Men [and women] are, that they might have joy.” Heavenly Father has provided the plan of happiness that enables joy through His blessings. These include living in His presence eternally as families. The Atonement of Jesus Christ is central to God’s plan to redeem us. To receive eternal life, we must come unto Christ. As we do so “and help others do the same, we participate in God’s work of salvation and exaltation.”

This message of the glad tidings of the gospel of Jesus Christ is the most important message on earth. And that is where the youth and young adults of the Church come in.

For the Strength of Youth

Now, while this upcoming decade may be filled with days never to be forgotten for every member of the Church, this especially can be true for you of the rising generation. You are here on earth now because you were selected to be here now. You have the strength and capacity to be disciples of Christ in an unprecedented way.

President George Q. Cannon taught, “God has reserved spirits for this dispensation who have the courage and determination to face the world and all the powers of the evil one [and to] ... build up the Zion of our God fearless of all consequences.”

To that end, I wish to speak to you of the rising generation, to invite you to imagine how exciting this next decade, one never to be forgot-

ang mga katagang “masayang balita.” Sa unang tingin, pagpuna niya, naghahatid ng kagalakan at kaligayahan ang mga katagang ito. Pero higit pa rian ang ibig iparating ng “masayang balita.” Ipinaliwanag niya na ang mga katagang ito ay mula sa orihinal na salitang Griyegong *euangelion*, na ang literal na kahulugan ay “mabuting balita” o ang “ebanghelyo.” Ang kaligayahan at kagalakan sa buhay na ito at sa kabilang-buhay ay laging na-kaugnay sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa gayon ay napapaloob sa mga katagang “masayang balita” ang dalawang kahulugang ito sa isang kahan-ga-hangang paraan.

“Ang tao [lalaki at babae] ay gayon, upang sila ay magkaroon ng kagalakan.” Ibinigay ng Ama sa Langit ang plano ng kaligayahan upang makadama tayo ng kagalakan sa pamamagitan ng Kanyang mga pagpapala. Kabilang dito ang pamumuhay sa Kanyang kinaroroonan kasama ang ating pamilya magpakailanman. Ang Pagbayad-sala ni Jesucristo ang pinakamahalaga sa plano ng Diyos na tubusin tayo. Upang matanggap ang buhay na walang hanggan, kailangan nating lumapit kay Cristo. Habang ginagawa natin ito “at tinutulungan ang iba na gayon din ang gawin, nakikibahagi tayo sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan ng Diyos.”

Ang mensaheng ito ng masayang balita ng ebanghelyo ni Jesucristo ang pinakamahalagang mensahe sa mundo. At dito pumapasok ang papel na ginagampanan ng mga kabataan at young adult ng Simbahan.

Para sa Lakas ng mga Kabataan

Ngayon, bagama’t ang parating na dekadang ito ay maaaring mapuno ng mga araw nahindi malilimutan kailanman para sa bawat miyembro ng Simbahan, maaaring totoo ito lalo na sa inyo na lumalaking henerasyon. Narito kayo ngayon sa mundo dahil pinili kayong pumarito ngayon. May lakas at kakayahan kayong maging mga disipulo ni Cristo sa walang-katulad na paraan.

Itinuro ni Pangulong George Q. Cannon: “Inireserba ng Diyos ang mga espiritu para sa dispensasyong ito na may tapang at determinasyon na harapin ang mundo at lahat ng kapangyarihan ng demonyo [at] ... itayo ang Sion ng ating Diyos nang walang takot sa lahat ng ibubunga nito.”

Dahil dito, nais kong magsalita sa inyo na lumalaking henerasyon, upang anyayahan kayong isipin kung gaano maaaring maging kapa-

ten, can be for you. I also offer a few simple words of counsel and encouragement that may empower you during this coming decade.

Like many of you, I have a smartphone that, on occasion and without any prompt, pulls together a reel of photos showing what I was doing on a certain day. It is always surprising to see how much things have changed for me and my family in just a few years.

Picture the photos your phone will serve up 10 years from now! You may see yourself graduating from high school or college, receiving your endowment, going on a mission, getting married, and having your first child. For you personally, this will be a decade never to be forgotten. But it will be doubly so if you actively strive to become a light unto the world of how the glad tidings of the gospel of Jesus Christ can enrich and enhance not only your lives but also those of your family, friends, and social media followers.

You may be wondering how to do this.

Prophets of God have taught us this is done through four simple activities, referred to as divinely appointed responsibilities: first, living the gospel of Jesus Christ; second, caring for those in need; third, inviting all to receive the gospel; and fourth, uniting families for eternity. Remarkably, each can be done in the most normal and natural ways.

Divinely Appointed Responsibilities

I promise you this will be a decade never to be forgotten for you if you embrace these four divinely appointed responsibilities. Let's consider what this might entail.

First, live the gospel of Jesus Christ. Study the words of the prophets, and learn to love your Father in Heaven. Incline your hearts to Him,

na-panabik ang susunod na dekadang ito, isang panahong hindi malilimutan kailanman, para sa inyo. Nais ko ring bigyan kayo ng ilang simpleng payo at paghihikayat na maaaring magbigay sa inyo ng lakas sa darating na dekadang ito.

Tulad ng marami sa inyo, may smartphone ako na, paminsan-minsan at walang anumang pahiwatig, ay nangongolekta ng mga larawan na nagpapakita ng mga nagawa ko sa isang partikular na araw. Lagi akong nagugulat na makita kung gaano kalaki ang ipinagbago ng mga bagay-bagay para sa akin at sa aking pamilya sa loob lamang ng ilang taon.

Isipin ang mga larawang makukunan ng inyong cell phone 10 taon mula ngayon! Maaari ninyong makita ang inyong sarili na nagtatapos sa hayskul o kolehiyo, tumatanggap ng inyong endowment, nagmimisyon, ikinakasal, at isinilang ang ang inyong unang anak. Para sa bawat isa sa inyo, magiging isang dekada ito na hindi malilimutan kailanman. Ngunit madodoble ito kung masigasig kayong magsisikap na maging liwanag sa sanlibutan at ipakita kung paano mapag-yayaman at mapapasigla ng masayang balita ng ebanghelyo ni Jesucristo hindi lamang ang inyong buhay kundi maging ang buhay ng inyong pamilya, mga kaibigan, at mga sumusubaybay sa social media.

Maaaring iniisip ninyo kung paano ito gagawin.

Tinuruan tayo ng mga propeta ng Diyos na isinasagawa ito sa pamamagitan ng apat na simpleng aktibidad, na tinutukoy na mga responsibilidad na bigay ng Diyos: una, pagsasabuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo; pangalawa, pagmamalasakit sa mga nangangailangan; pangatlo, pag-anyaya sa lahat na tanggapin ang ebanghelyo; at pang-apat, pagbubuklod ng mga pamilya para sa kawalang-hanggan. Kamangha-mangha na bawat isa rito ay maaaring gawin sa pinakanormal at pinakanatural na mga pamamaraan.

Mga Responsibilidad na Bigay ng Diyos

Ipinangako ko sa inyo na magiging isang dekada ito na hindi malilimutan kailanman para sa inyong tatanggapin ninyo ang apat na responsibilidad na ito na bigay ng Diyos. Isaalang-alang natin kung ano ang maaaring nakapaloob dito.

Una, pagsasabuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo. Pag-aralan ang mga salita ng mga propeta, at matutong mahalín ang inyong Ama sa Langit.

and strive to walk in His way. Be lifted by the “covenant confidence” that Elder Ulisses Soares has described. This confidence comes from making covenants to follow Jesus Christ, knowing that the Savior will in turn strengthen and support you.

Let your friends see the joy you feel in living the gospel, and you will be the best gospel message they ever receive.

Second, reach out in compassion to care for those in need. Your generation is unusually mindful of the less fortunate. Whenever disaster strikes and Church members rush to help clear away debris and comfort the afflicted, it seems the majority wearing “Helping Hands” T-shirts are teenagers and twentysomethings. It is in your nature “to bear one another’s burdens” and “comfort those that stand in need of comfort.” By doing this we “fulfil the law of Christ.”

Evan, a young Primary-age boy, decided to spend his summer vacation from school gathering supplies for peanut butter and jelly sandwiches to donate to his local food bank. He found the project on the JustServe website. Young Evan enlisted his entire school class to help collect over 700 jars of jelly! Let the people you serve know that your concern for them is rooted in your love of God and your desire to treat your neighbor as yourself.

Third, invite all to receive the gospel. This year we opened 36 new missions worldwide to accommodate all who desire to serve full-time missions. In an era when many youth are opting out of formal religious activity altogether, this is remarkable and speaks to the magnificent nature of your testimonies. Whether serving full-time or not, please realize your immense capacity to influence your peers as you love, share, and invite them to explore the gospel of Jesus Christ.

Ibaling ang inyong puso sa Kanya, at sikaping tumahak sa Kanyang landas. Mapasigla ng “tiwala sa tipan” na inilarawan ni Elder Ulisses Soares. Ang tiwalang ito ay nagmumula sa pakikipagtipan na sundin si Jesucristo, batid na palalakasin at susuportahan kayo ng Tagapagligtas bilang kapalit.

Hayaang makita ng inyong mga kaibigan ang kagalakang nadarama ninyo sa pagsasabuhay ng ebanghelyo, at kayo ang magiging pinakamagandang mensahe ng ebanghelyo na matatanggap nila.

Pangalawa, tumulong nang may habag at magmalasakit sa mga nangangailangan. Hindi pangkaraniwan ang pagkamaalalahanin ng inyong henerasyon sa mga kapus-palad. Tuwing may kalamidad at nagmamadaling tumulong ang mga miyembro ng Simbahan sa paglilinis ng mga kalat at pag-aliw sa mga naghihirap, tila karamihan sa mga nakasuot ng mga “Helping Hands” T-shirt ay mga tinedyer at mga nasa dalawampung taon ang edad. Likas sa inyo ang “magpasan ng pasanin ng isa’t isa” at “aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.” Sa paggawang nito “[tinutupad natin] ang batas ni Cristo.”

Nagpasiya si Evan, isang batang lalaking edad-Primary, na gugulin ang kanyang summer vacation sa paaralan sa pagkolekta ng mga sangkap para sa mga peanut butter at jelly sandwich na ipamimigay sa kanyang lokal na food bank. Nakita niya ang proyektong ito sa JustServe website. Humingi ng tulong ang batang si Evan sa buong klase niya sa paaralan sa pagkolekta ng mahigit 700 garapon ng jelly! Ipaalam sa mga taong pinaglilingkuran ninyo na ang pagmamalasakit ninyo sa kanila ay nakaugat sa inyong pagmamahal sa Diyos at sa pagnanais ninyong ibigin ang inyong kapwa na gaya ng inyong sarili.

Pangatlo, anyayahan ang lahat na tanggapin ang ebanghelyo. Ngayong taon ay nagbukas tayo ng 36 na bagong mission sa buong mundo para mapaunlakan ang lahat ng nagnanais na maglingkod sa mga full-time mission. Sa isang panahon na maraming kabataan ang lubusang tumatangging makibahagi sa pormal na aktibidad sa relihiyon, kapansin-pansin ito at nagpapatunay sa pagiging likas na kahanga-hanga ng inyong mga patotoo. Naglilingkod man nang full-time o hindi, sana’y mapagtanto ninyo ang inyong napakalaking kakayahan na impluwensyahan ang inyong mga kabarkada habang minamahal, binabahaginan, at inaanyayahan silang

Fourth, unite families for eternity. As I visit temples around the world, I marvel at the standing-room-only crowds of youth waiting at the baptistry and the increased numbers of young adults serving as ordinance workers. Recently a group of over 600 youth from Scotland and Ireland traveled to the Preston England Temple, performing over 4,000 ordinances, many of which were for their personal deceased ancestors! I urge you to become engaged in family history, spend time in the temple, and carefully prepare yourself to be the kind of man or woman ready to marry an equally worthy companion in the temple. Develop a pattern in your lifenow to make the temple a regular part of your lives.

Conclusion

My beloved brothers and sisters, my dear young friends, there will likely be difficulties for each of us in the days ahead. However, as we enter this coming decade of unprecedented moments, may we share glad tidings through the simple activities of living, caring, inviting, and uniting. As we do so, the Lord will bless us with experiences never to be forgotten.

I testify that those who approach the Lord with a sincere heart and real intent, those who have the name of the Savior upon their lips and the Holy Spirit in their souls, those who embark upon this grand and glorious pilgrimage will discover and experience bounteous celestial blessings and receive a witness that God hears you, knows you, and loves you. You will experience days never to be forgotten. In the name of Jesus Christ, amen.

saliksikin ang ebanghelyo ni Jesucristo.

Pang-apat, ibuklod ang mga pamilya para sa kawalang-hanggan. Kapag bumibisita ako sa mga templo sa iba't ibang panig ng mundo, nama-mangha ako sa dami ng mga kabataang nakatayo na lang dahil punung-puno ang silid habang naghihintay sa baptistry at sa dumaraming mga young adult na naglilingkod bilang mga ordinance worker. Kamakailan lamang ay naglakbay ang isang grupo ng mahigit 600 kabataan mula sa Scotland at Ireland papuntang Preston England Temple, at nagsagawa ng mahigit 4,000 mga ordenansa, na karamihan ay para sa mga ninuno nilang pumanaw na! Hinihikayat ko kayong makibahagi sa family history, mag-ukol ng oras sa templo, at maingat na ihanda ang inyong sarili na maging uri ng lalaki o babae na handang makasal sa templo sa isang karapat-dapat din na makasama sa buhay. Ugaliin sa inyong buhayngayonna gawing regular na bahagi ng inyong buhay ang templo.

Pangwakas

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigang kabataan, malamang na magkaroon ng mga paghihirap ang bawat isa sa atin sa darating na mga araw. Gayunman, sa pagpasok natin sa darating na dekada ng walang-katulad na mga sandali, nawa'y ibahagi natin ang masayang balita sa pamamagitan ng mga simpleng aktibidad ng pagsasabuhay, pagmamalasakit, pag-aanyaya, at pagkakaisa. Kapag ginawa natin ito, bibiyayaan tayo ng Panginoon ng mga karanasang hindi malilimutan kailanman.

Pinatotohanan ko na ang mga lumalapit sa Panginoon nang may tapat na puso at tunay na layunin, mga sumasambit sa pangalan ng Tagapagligtas at nasa kaibuturan ng kanilang kaluluwa ang Banal na Espiritu, mga nagsisimula sa dakila at maluwalhating paglalakbay na ito ay matutuklasan at mararanasan ang saganang mga pagpapalang selestiyal at tatanggap ng patotoo na naririnig, kilala, at mahal kayo ng Diyos. Daranas kayo ng mga araw na hindi malilimutan kailanman. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.